NOAA FISHERIES

Gabay sa Pagsunod para sa:
Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat ng E.U.

Ano ang Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat?

Ang Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat ay itinatatag para sa pag-aangkat ng tiyak ng mga produktong pagkaing-dagat, ang pag-uulat at hinihiling na pag-iingat ng tala na kailangan para maiwasan ang ipinagbabawal, hindi naiulat at hindi napangasiwaang (IUU) pangingisda at/o pagsisinungaling ng pagkaing-dagat mula sa pagkasok sa komersyo ng E.U., na doon ay nagbibigay ng karagdagang proteksyon para sa aming pambansang ekonomiya, pandaigdig na seguridad sa pagkain at ang kakayahang matustusan ng aming pinagsamang mapagkukunang karagatan.

Bakit ipinatupad ng Pangisdaang NOAA ang programang ito?

Bilang pandaigdig na lider sa natutustusang pangisdaan at pinakamalaking pamilihan sa komersyo ng pagkaing-dagat, may pananagutan ng E.U. Na labanan ang ipinagbabawal na mga gawain na sumisira sa kakayahang matustusan ng aming hinating mapagkukunang karagatan. Sa layong iyon, Ang NOAA at mga kasosyong ahensya nitong Pamahalaang E.U. Ay kalahok sa maraming pagsisikap na pandaigdig na makipagkasundo, paghusayin ang pagpapatupad, palakasin ang mga pagsososyo, at itatag ang kakayahang masubaybayan ng pagkaing-dagat. Alinsunod sa mga pagsisikap na ito, noong Disyembre 9, 2016, inilathala ng Pangisdaang NOAA ang panghuling alituntunin na nagtatatag ng Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat o Seafood Import Monitoring Program (SIMP).

Para kanino ginagamit ang Programa?

Ang Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat ay nangangailangan ng karagdagang data upang iulat sa punto ng pagpasok sa komersyo ng E.U. O manatili sa tala ng tagapag-angkat para sa inangkat na isda at mga produktong isda na tinukoy bilang priyoridad na uri dahil sa panganib para sa panlilinlang na mga aktibidad ng IUU na pangingisda at pagkaing-dagat. Ang mga tala ng Tagapag-angkat ay tinuko sa Mga Adwana ng E.U. at Proteksyon ng Hangganan o Customs and Border Protection (CBP) sa bawat paghahain sa pagpasok. Ang tala ng Tagapag-angkat ng E.U. ay kakailanganin para makuha ang International Fisheries Trade Permit (IFTP) mula sa Pangisdaang NOAA para iulat ang tiyak na impormasyon ng pag-aani sa oras ng paghahain sa pagpasok, at para ingatan ang mga tala hinggil sa serye ng kustodiya ng isda o produktong isda mula sa pag-aani hanggang sa punto ng pagpasok sa E.U.

Aling uri ang maaapektuhan ng Programang ito?

Labintatlong uri ang kinilala bilang partikular na mahina sa IUU na pangingisda at/o panlilinlang sa pagkaing-dagat at kung gayon ay sakop ng unang yugto ng Programa, na naglalayong palawakin sa hinaharap para makumbrehan ang lahat ng pagkaing-dagat:

- *Abulon
- Atlantikong Bakalaw
- Asul na Alimasag (Atlantiko) Isang dolpin (Mahi Mahi)
- Gruper
- Haring Alimasag (pula)
- Pasipikong Bakalaw
- Red Snapper
- Sea Cucumber
- Mga pating
- *Hipon
- Isdang Ispada
- Mga Tuna: *Albacore, Bigeye, Skipjack, Yellowfin, at Bluefin*

** Ang implementasyon ng mga kinakailangang programa para sa abalun at hipon ay naaantala hanggang sa karagdagang abiso. Tingnan ang Tanong at Sagot sa ibaba.*

Anong impormasyon ang kinakailangang iulat sa punto ng pagpasok sa komersyo ng E.U. o pananatilihin ng tala ng tagapag-angkat ng isda at mga produktong isda?

Kabilang sa impormasyong kokolektahin ang:

Entidad ng Pag-aani o Paggawa

- Pangalan at bandila ng estado ng (mga) sasakyang pang-ani
- Ebidensya ng pahintulot na mangisda (numero ng permiso o lisensya)
- Kaiibang sasakyang identifier (kung available)
- (Mga) uri ng kagamitan sa pangingisda

Tandaan: Ang lugar ng pangingisda at uri ng kagamitan sa pangingisda ay dapat na tinutukoy alinsunod sa kombensyon ng pag-uulat at mga kodigong ginamit ng may kakayahang awtoridad na nagsasagawa ng hurisdiksyon sa buong operasyon ng mailap na paghuli. Kung hindi umiiral ang nasabing mga kinakailangan sa pag-uulat, ang lugar ng pangingisda at mga kodigo ng kagamitan ng Food and Agriculture Organization (FAO) ay dapat gamitin.

Kaganapan ng Pag-aani – Ano, kailan at saan

- Uri—FAO 3-Alpha na Kodigo ng Uri (Aquatic Sciences Fishery Information System - ASFIS)
- (Mga) petsa ng pag-aani
- (Mga) anyo ng produkto sa oras ng paglapag - kabilang ang dami at bigat ng produkto
- (Mga) lugar ng mailap na paghuli o pag-aani ng inaalagaang hayop na nabubuhay sa tubig
- (Mga) punto ng unang paglapag
- Pangalan ng (mga) pag-aari kung saan lumapag o inihatid ang isda

Tandaan: Kung sakaling ang pagpapadala ng inangkat ay binubuo ng mahigit sa isang kaganapan sa pag-aani, ang bawat kaganapan ay kaugnay sa pagpapadala ay dapat iulat. Gayunpaman, hindi kailangan ng tagapag-angkat ng ugnayan sa partikular na isda o bahagi ng pagpapadala sa alinman sa isang kaganapan sa pag-aani.

Tala ng Tagapag-angkat

- Pangalan, pagkakaugnay at impormasyon ng kontak
- Ibinigay na numero ng IFTP ng Pangisdaang NOAA
- Ang tala ng tagapag-angkat ay may pananagutan sa pag-iingat ng mga rekord hinggil sa mga serye ng kustodiya na dinetalye sa itaas.
- Impormasyon sa anumang kaputusan ng produkto (mga deklasyon sa pamamagitan ng mga sasakyang pang-ani/pangdala, kwenta ng paglapag)
- Mga tala sa pagpoproseso, pagpo-prosesong muli, at paghahalo ng produkto.

Anong saligan na huhusgahan kung ang isang produkto ay kabilang sa ilalim ng SIMP?
Ang saligan para husgahan kung ang espesipikong produktong isda ay kabilang sa ilalim ng inisyal na yugto ng SIMP o hindi ay ang Harmonized Tariff Schedule (HTS) Code na ginamit upang maghain ng elektronikong entri para sa pagpapadala ng angkat.

Ang Pangisdaang NOAA ay magbibigay sa CBP ng listahan ng kinakailangang mga elementong datus para sa bawat uri sa ilalim ng mga kodigo ng HTS na sakop ng SIMP. Ang binagong listahan ng mga kodigo ng HTS na sumasailalim sa SIMP ay ipapaskil sa susunod sa ilalim ng mensaheng itinakda para sa gabay ng implementasyon para sa Pangisdaang NOAA sa: https://www.cbp.gov/trade/ace/catair

Paano kokolektahin at iuulat ang impormasyong ito?
Ang koleksyon ng dokumentasyon ng pag-aani at paglalapag para sa priyoridad na mga uri ng pagkaing-dagat na ito ay isasagawa sa pamamagitan ng International Trade Data System (ITDS), ang isahang window data portal ng pamahalaang E.U. para sa lahat ng pag-uulat sa pag-aangkat at pagluluwas (na minamantini ng CBP). Ang datus ng angkat na pag-aani at paglapag ay isusumite sa pamamagitan ng ITDS "mga hanay ng mensahe" sa oras ng pagpasok, habang inirerekord ng hanay ng kustodiya para sa isda pagkatapos na ang paglapag ay ililipat sa pamamagitan ng hanay ng suplay at pananatilihin ng tala ng Tagapag-angkat. Ang mga tala ng Tagapag-angkat ay mga entidad ng E.U. na may pananagutan sa pag-aangkat sa ilalim ng mga regulasyon ng Adwana ng E.U. at hihilingin na panghawakan ang IFTP na ibinigay ng PangisdaangNOAA.

Kailan ilalabas ang Automated Commercial Environment (ACE) programming?
Ang Pangisdaang NOAA ay nagtatrabaho kasama ng CBP para iprograma ang ACE portal para sa pangunahing pagsusuri. Sa oras na mapatunayan ang programming, ipapahayag namin ang pangunahing pagsusuri sa Pederal na Pagrehistro.

Ang wika ng rekord para sa pag-iingat ng rekord?
Ang tala ng Tagapag-angkat ng E.U. ay dapat na may kakayang personal na magrepaso at magberipika ng kawastuhan ng pag-iingat ng rekord ng mga dokumento anuman ang wika. Ang pagsasalin ng mga dokumentong iniingatan para sa tala sa Ingles ay hindi kinakailangan ng Programa ngunit binanggit sa itaas, na dapat repasuhin at maunawaan ng tala ng Tagapag-angkat ng E.U.

Paano ako makakukuha ng International Fisheries Trade Permit (IFTP)?
Ang International Fisheries Trade Permit ay maaaring makuha sa:
https://fisheriespermits.noaa.gov/npspub/pub_cmn_login/index_live.jsp

Ang produkto ba mula sa isa at bawat pag-aaning kaganapan ay kailangang pagsama-samahin sa pamamagitan ng pagproseso at pagpapadala upang masubabayan pabalik mula sa punto ng pagpasok?
Hindi— ang pagsasama-sama ng mga kaganapan sa pag-aani sa pamamagitan ng supply chain ay hindi kinakailangan. Ang inangkat na pagpapadala ay maaaring naglalaman ng mga produkto mula sa mahigit isang kaganapan sa pag-aani. Sa mga ganoong pangyayari, ang tagapagtala ng tagapag-angkat ay dapat magbigay ng impormasyon sa bawat kaganapan sa pag-aani kaugnay ng mga nilalaman ng produkto na inialok para sa entri, ngunit hindi kailangang tukuyin kung alin sa mga bahagi ng pagpapadala ang nagmula sa partikular na mga kaganapan ng pag-aani.

Paano gagamitin ang mga kinakailangang koleksyon ng data sa maliliit na mangingisda?
Hindi isinasama ng Programa ang mga tagapag-angkat mula sa ma kahilingan upang indibiduwal na kilalanin ang maliliit na sasakyan—o maliliit na mga pasilidad sa pag-aalaga ng mga hayop na nababuhay sa tubig—kung ang tagapag-angkat ay nagbibigay ng ibang elemento ng datus na kinakailangan batay sa pinagsama-

samang ulat sa pag-aani. Ang ulat sa pinagsama-samang pag-aani ay tinukoy bilang tala na sumasakop sa: (1) mga pag-aani sa isahang punto ng koleksyon sa iisang araw sa kalendaryo mula sa maliliit na sasakyan (lalo na ang., labindalawang metro o mas mababa o 20 kabuuang tonelada o mas mababa); (2) paglapag sa pamamagitan ng sasakyan kung saan ang panghuhuli ng maliliit na sasakyan ay isinagawa sa dagat.

Kabilang ba ang lahat ng produktong naglalaman ng priyoridad na uri?
Hindi. Ang mga kahilingan sa pag-uulat at pag-iingat ng tala ay hindi ilalapat sa pag-aangkat ng tiyak na mataas na prinosesong mga produktong isda, kabilang ngunit hindi limitado sa langis ng isda, slurry, sarsa, istik, bola-bola, keyk, pudding, at iba pang katulad na mataas na prinoseso na mga produktong isda, sakaling ang mga produktong ito ay hindi kasalukuyang masusubaybayan pabalik sa isang uri ng isda o espesipikong (mga) kaganapan ng pag-aani o tinukoy sa pamamagitan ng paglalagay ng etiketa ng produkto. Ang espesipikong mga kodigo ng HTS kung saan ginagamit ang programa ay nakalista sa Gabay ng Pagpapatupad ng Pangisdaang NOAA sa:
https://www.cbp.gov/trade/ace/catair

Hinihingi ba ng Programang ito ang anumang pagbabago ng etiketa?
Hindi. Ang Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat ay hindi programa sa paglalagay ng etiketa.

Magagamit ba ang Programang ito sa lokal na pagkaing-dagat sa E.U.?
Naisagawa na ang mga domestikong regulasyon ng E.U. basta't ang paghuli at impormasyon sa paglapag para sa lokal na nahuling pagkaing-dagat ay iniuulat sa Pangisdaang NOAA. Ang alintuntunin na nagtatatag ng Programa sa Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat ay ginagamit lamang pagkaing-dagat na pumapasok sa E.U. mula sa banyagang bansa.

Magagamit ba ang Programa sa lokal na inaning pagkaing-dagat na pagkatapos ay ipinadala sa banyagang pasilidad para iproseso at/o iimbak at pagkatapos ay angkatin pabalik sa E.U.?
Oo, ginagawa ito. Walang isinasagawang pagtatangi sa lokal na nahuling pagkaing-dagat. Ang isda o mga produktong isda na paunang inani sa E.U., ngunit pagkatapos ay ipinadala sa ibang bansa para iproseso, iprosesong muli at/o iimbak bago ibenta sa E.U. ay sumasailalim sa pag-uulat at mga kinakailangan ng pag-iingat ng tala ng Programa sa Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat para sa pagpasok muli sa E.U.

Ang ilan sa mga produktong tuna ay sumasailalim na sa umiiral na regulatoryong mga kinakailangan ng pag-uulat para sa pag-aangkat, paano makakaapekto ang mga iyon sa Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagat?
Nagtatag na ang Pangisdaang NOAA ng pagsama-sama ng pag-iingat ng tala at mga kinakailangan sa pag-uulat ng Programa sa pagsubaybay at Beripikasyon ng Tuna na ginamit upang idokumento ang pag-aani ng mga produktong tuna na ibinibenta o iniluluwas gamit ang eriketang ligtas na lumba-lumba na kabilang ang karamihan sa pag-aani, paglapag, at mga elemento ng serye ng kustodiya na kabilang sa SIMP. Ang Implementasyon ng mga kinakailangang datus ng Programa ng Pagsubaybay sa Pag-angkat ng Pagkaing-dagatPag-angkat ng Pagkaing-dagat ay hindi lilikha ng labis na mga kinakailangan sa pag-uulat at pag-iingat ng tala para sa mga tagapag-angkat ng mga produktong tuna. Sa halip, ang mga alituntunin ng negosyong ITDS ay isusulat upang tiyakin na ang bawat elemento ng datos ay iniuulat minsan lamang sa ibinigay na kaso. Upang tiyakin ang pagkakapareho sa dalawang programa, maaaring baguhin ng Pangisdaang NOAA ang Programa ng Pagsubaybay at Beripikasyon ng Tuna upang ipakita ang bagong mga kinakailangan sa pag-uulat at pag-iingat ng rekord hangga't naaangkop. Maaari rin na ganito ang kaso para sa mga pag-aangkat ng isdang ispada at tiyak na uri ng tuna na sakop ng umiiral na pandaigdig na istatistikong dokumento o mga programa ng dokumentasyon sa panghuhuli.

Ang pag-uulat ba ng datos at pagbibigay ng mga kinakailangan sa alituntuning ito ay bagay na pag-aari ng pampubliko o mamimiling rekord?
Ang impormasyon na nakolekta sa ilalim ng programang ito ay kompidensiyal. Itinatatag ng SIMP ang sistema ng pag-uulat mula sa negosyo hanggang sa gobyerno upang pahintulutan ang mga ahensiya ng pamahalaan ng E.U. na kumpirmahin ang pagiging legal ng inangkat na isda at mga produktong isda. Para matugunan ang mga hinaing tungkol sa pagiging kompidensyal ng datos, ang seguridad sa datos ay ibibigay sa pinakamataas na priyoridad sa buong prosesong ito. Ang nakolektang impormasyon sa pamamagitan ng ACE at minantini ng CBP system katulad ng ITDS ay labis na sensitibong impormasyon na pangkomersyo, pinansiyal at pag-aari, at kung gayon ay pangkalahatang hindi kabilang sa mga kinakailangan para sa pampublikong pagsisiwalat (halimbawa, Batas ng Kalayaan sa Impormasyon).

Ano ang petsa ng pagkakaroon ng bisa para sa implementasyon ng Programa?
Ang pagsunod sa mga kinakailangan sa pag-uulat at pag-iingat ng rekord sa alituntunin para sa priyoridad na uri *bukod sa hipon at abulon* ay ipag-uutos simula sa **Enero 1, 2018.** Simula sa petsang may-bisa, ang mga entri sa ilalim ng tinukoy na mga kodigo ng HTS na sumasailalim sa programa ay mangangailangan na magtakda ng mensahe at kinakailangang magkaroon ng wastong IFTP ang tagapag-angkat ng E.U. Ang mga entri sa sumasailalim sa Programa na inihain nang walang kumpletong itinakdang mensahe (datos ng kaganapan sa pag-aani at numero ng IFTP) ay tatanggihan at hindi ilalabas ng CBP hangga't hindi ibinibigay ang itinakdang mensahe at numero ng IFTP.

Dahil ang inangkat na isda na pumasok sa komersyo ng E.U. noong o pagkatapos ng Enero 1, 2018 ay naani na bago ang petsang iyon, ang itinakdang mensahe sa pangyayari ng pag-aani ay tutukoy sa aktibidad ng pangingisda na naganap bago ang petsa ng pagsunod. Dapat magtrabaho ang mga tagapag-angkat ng E.U. kasama ang mga supplier upang tiyakin na ang impormasyon sa kaganapan ng pag-aani ay umiiral para sa alinmang produkto sa supply chain na ipapasok pagkatapos ng petsa ng pagsunod.

Kailan kailangan ang pagsunod para sa hipon at abulon?
Pinanatili ng Pangisdaang NOAA ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng alituntunin para sa hipon at abulon hanggang sa matukoy at maitatag ang naihahambing na pag-uulat at/o mga kinakailangan sa pag-iingat ng tala para sa domestikong produksyon ng pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig. Sa oras na iyon ang mga kakulangan sa lokal na pag-uulat at pag-iingat ng tala para sa mga uri ay naisara na, pagkatapos ay ilalathala na ng Pangisdaang NOAA ang aksyon sa Pederal na Pagrehistro upang itaas ang pananatili ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng alituntuning tumutukoy sa hipon at abulon. Ang sapat na nangungunang abiso sa komunidad ng kalakalan ay ibibigay upang pahintulutan ito sa oportunidad na magtatag ng mga sistema ng pag-uulat at pag-iingat ng rekord na kinakailangan upang makasunod sa programa.

Magkakaroon ba ng anumang tulong na ibinibigay sa pagsunod sa alituntuning ito?
Sakop ng pagkakaroon ng mapagkukunan, ang Pangisdaang NOAA at ang kalakhang Pamahalaan ng E.U. ay naglalayong maglaan ng tulong sa mga bansang nagluluwas at lokal na pag-aangkat upang suportahan ang pagsunod sa mga kinakailangan ng alituntunin, kabilang ang pagbibigay ng tulong upang itatag ang kapasidad upang:

- Isagawa ang epektibong pangangasiwa sa pangisdaan;
- Palakasin ang mga istrukturang pamamahala sa pangisdaan at mga kinatawan sa pagpapatupad upang sugpuin ang panlilinlang na IUU sa pangingisda at pagkaing dagat; at
- Magtatag, magpanatili, o suportahan ang mga sistema upang pahintulutan ang pagluluwas ng isda at mga produktong isda upang masubaybayan pabalik sa punto ng pag-aani. Ang mga priyoridad para sa pagtatatag ng kapasidad ay tinukoy sa isang *Strategic Action Plan Estratehikong Planong Aksyon para sa Pagtatatag*

ng Pandaigdig na Kapasidad upang Palakasin ang Pangangasiwa sa Pangisdaan at Labanan ang IUU na Pangingisda

Kanino ako makikipag-ugnayan kapag may karagdagan akong tanong?

Ang impormasyon at mga kagamitan tungkol sa panghuling patakaran ay nakapaskil sa www.iuufishing.noaa.gov

- Para sa mga katanungang kaugnay ng mga kinakailangan ng SIMP, makipag-ugnayan sa Celeste.Leroux@noaa.gov
- Para sa mga katanungan kaugnay sa paggamit ng ACE o ITDS, makipag-ugnayan sa Dale.Jones@noaa.gov